Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

# Paggamit ng mga Kasanayang Pampagkatuto sa Filipino 4: Batayan sa Pagbuo ng Mapamaraang Kagamitang Pang-Interbensiyon

Dr. Demetrio B. Bautista [1]
Amabeth A. Espenilla [1]
Princess Marjelyn B. Velasquez [1]
Dulce L. Acuna [1]

1 – Sangay ng Lunsod Batangas Kagawaran ng Edukasyon

Publication Date: September 24, 2026
DOI: **10.5281/zenodo.22931590**

**Abstrak**

**Saligan**

Ang pananaliksik na ito ay binuo ng mga manunulat at inisa-isa ang mga kasanayan sa MATATAG kurikulum.

**Layunin**

1.Matukoy ang mga kasanayang pampagkatuto.

2.Maipaliwanag ang mga estratehiya sa pagtuturo.

3.Maisa-isa ang mga suliraning nararanasan.

4.Makabuo ng kagamitang pang-interbensiyon.

**Metodolohiya**

Ang pananaliksik ay deskriptibo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga guro. Gumamit ng talatanungan. Nangalap ng datos sa internet, aklat, tesis, at disertasyon.

**Resulta / Kinalabasan ng Pananaliksik**

Ang kasanayang pampagkatuto ay 3.39 na natatalakay, ang estratehiya ay 3.17 na naisasagawa, at ang suliranin ay 2.29 na bahagyang nararanasan.

**Kongklusyon**

1.Nauunawaan ang tekstong naratibo at naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan .

2.Nagiging daan sa pagkatuto ang pagbabalitaan at pagbuo ng mga ideya .

3.Kakulangan ng oras para sa klase.

**Keywords:** *Kasanayang Pampagkatuto, Filipino 4, Kagamitang Pang-interbensiyon*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

## 1. Panimula

Ang kalidad ng edukasyon sa isang bansa ay itinuturing na salamin ng progreso at pag-unlad ng sambayanan. Sa Pilipinas, bilang pagtugon sa mga hamong kinakaharap ng sistema ng edukasyon, ipinakilala ng Kagawaran ng Edukasyon ang K to 12 Basic Education Curriculum. Isa sa pangunahing tampok nito ay ang pagtukoy at paggamit ng mga kasanayang pampagkatuto bilang gabay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto (Department of Education [DepEd], 2016). Sa kurikulum ng Filipino, ang mga kasanayang ito ay binuo upang malinang ang mga makrong kasanayan tulad ng pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, at panonood—na mahalaga sa paghubog ng isang mag-aaral na mahusay makipagtalastasan at may malalim na pag-unawa sa kulturang Pilipino.

Sa aktwal na karanasan sa silid-aralan, ang mga kasanayang pampagkatuto ay nagsisilbing batayan ng mga guro sa pagpaplano ng aralin, pagtutukoy ng inaasahang kinalabasan ng pagkatuto, at sa pagbabalangkas ng mga estratehiya at gawain sa pagtuturo. Ang mga gawaing pampagsasanay ay isa sa pinakamahalagang aspeto ng instruksyon sapagkat ito ang konkretong daluyan ng paglalapat ng natutuhang kasanayan. Ayon kina Corpuz at Salandanan (2015), ang bisa ng isang gawaing pampagtuturo ay higit na tumataas kung ito ay malinaw na nakaugnay sa kasanayang nais linangin. Sa madaling sabi, ang kasanayang pampagkatuto ay hindi lamang gabay kundi dapat ay pangunahing batayan sa pagdisenyo ng mga aktibidad na nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na magpraktis at mas mapalalim ang kanilang kaalaman.

Gayunpaman, batay sa ilang obserbasyon sa mga pampublikong paaralan, may mga pagkakataong ang mga inihahandang aktibidad sa Filipino ay inuulit lamang taon-taon, hindi naiakma sa tiyak na kasanayang itinakda para sa bawat linggo, at minsan pa'y walang sapat na kontekstong tumutugon sa kakayahan at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Sa ganitong kalagayan, hindi ganap na natutugunan ang inaasahang pagkatuto na nilalaman ng kurikulum. Ang ganitong dis-koneksyon sa pagitan ng kasanayan at aktwal na gawain ay nagdudulot ng agwat sa layunin ng pagtuturo at sa aktwal na natututuhan ng mga mag-aaral (Ariola, 2019).

Ang riserts na ito ay masusing binuo ng mga manunulat, pinag-aralan at inisa-isa ang mga kasanayan mula sa least mastered skills at batay sa Matatag Curriculum sa asignaturang Filipino sa Baitang 4. Kinalap ng mga manunulat ang mga datos mula sa least mastered skills at inihanay ang mga kasanayang pampagkatuto mula una hanggang ikaapat na markahan. Ang paggamit ng mga kasanayang pampagkatutong ito ay lubos na makakatulong sa mga guro sa ikaapat na baitang. Magagamit ang nakahandang materyales na ito ng mga guro at mabisang instructional materials sa bahaging pagsasanay, aplikasyon at ebalwasyon ng aralin.

Malinaw na ang integrasyon ng kasanayang pampagkatuto sa mga gawaing pampagsasanay ay dapat maging pangunahing konsiderasyon ng mga guro. Bukod sa pagiging gabay, ito ay dapat na sentro ng bawat aralin—nagsisiguro na ang bawat hakbang sa pagtuturo ay patungo sa malinaw na layunin, at ang bawat aktibidad ay makabuluhan at may kabuluhan sa paglinang ng kasanayan. Higit sa lahat, ito ay mahalagang hakbang tungo sa pagtiyak ng kalidad at kabuluhan ng edukasyong Pilipino.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Paglalahad ng Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang pagtuturo ng Filipino sa Sangay ng Lunsod Batangas.

Sasagutin sa pag-aaral na ito ang mga tiyak na layunin.

1. Matukoy ang mga kasanayang pampagkatuto sa Filipino 4.
2. Maipaliwanag ang mga estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo.
3. Maisa-isa ang mga suliraning nararanasan sa pagtuturo.
4. Makabuo ng gawaing mapamaraang kagamitang pang-interbensiyon.

## 2. Kagamitan at Metodo ng Pananaliksik

Sa bahaging ito, inilalahad ang disenyo ng pananaliksik, kalahok sa pag-aaral, instrumento ng pananaliksik, paraan ng pagkuha ng mga datos, pagpapakahulugan sa ginamit na pagkalkula o pagsusuring estadistika, at isinasaad din dito ang mga etikal na konsiderasyon sa pag-aaral.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik ay isang deskriptibong palarawan sa pag-aaral na naglalayong matukoy ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa kasanayang pampagkatuto, malaman ang estratehiyang ginagamit sa pagtuturo at mailahad ang mga suliraning nararanasa sa pagtuturo ng Filipino sa Sangay ng Lunsod bilang batayan sa pagbuo ng mga gawaing pang-interbensiyon.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang mga napiling kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga guro sa Filipino 4 sa Sangay ng Lunsod Batangas sa ilalim ng MATATAG kurikulum na ang pangunahing layunin ay makabuo ng gawaing interbensiyon.

Makikita sa talahanayan sa sunod na pahina ang mga kalahok sa pag-aaral na ito.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Talahanayan 1**

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

| Purok / Distrito | Bilang ng mga Guro |
|---|---|
| 1 | 5 |
| 2 | 6 |
| 3 | 4 |
| 4 | 2 |
| 5 | 4 |
| 6 | 6 |
| 7 | 7 |
| 8 | 4 |
| 9 | 5 |
| 10 | 3 |
| **Kabuoan** | 46 |

**Instrumentong Ginamit sa Pag-aaral**

Gumamit ng talatanungan ang mga mananaliksik sa pangangalap ng datos sa pangangalap ng datos na may kinalaman sa pagbuo ng gawaing pang-interbensiyon sa Filipino 4.

**Paraan ng Pagkuha ng mga Datos**

Ang unang hakbang na isinagawa ng mga mananaliksik sa pangangalap ng datos ay mula sa mga elektronikong babasahin sa internet tulad ng artikulo, dyornal, aklat, at iba pa. Sumangguni ang mga mananaliksik sa iba't ibang silid-aklatan upang makakukha ng mga datos na kakailanganin sa kasalukuyang pag-aaral mula naman sa mga nakalimbag na tesis at disertasyon.

Bumuo ang mga mananaliksik ng talatanungan sa mga kalahok sa pag-aaral. Nagkaroon at nagsagawa ng balidasyon ng talatanungan para sa kaukulang kawastuan nito.

Ang mga nakuhang impormasyon sa mga kalahok sa pag-aaral ay itinala ng mga mananaliksik para sa gagawing paglalahad, pagsusuri at pagbibigay ng interpretasyon sa nasabing pag-aaral.

## 3. KINALABASAN NG PANANALIKSIK

### I. Pagtukoy sa mga Kasanayang Pampagkatuto

| Mga Kasanayang Pampagkatuto | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula at anekdota) | 3.65 | Lubos na Natatalakay |
| 2. Natutukoy ang tayutay (onomatopeya) sa pagbibigay-kahulugan ng pahayag sa binasa o napakinggang teksto | 3.37 | Natatalakay |
| 3. Naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan | 3.50 | Lubos na Natatalakay |
| 4. Nauunawaan ang tekstong impormatibo (pag-iisa at paglalarawan) | 3.46 | Natatalakay |
| 5. Nasusuri ang layon ng teksto | 3.39 | Natatalakay |
| 6. Nagagamit ang mga salitang may denotasyon at konotasyong kahulugan sa pagbuo ng pangungusap | 3.46 | Natatalakay |
| 7. Nagagamit ang angkop na diksyon (kaangkupan ng salita, retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig, tagapanood, mambabasa, konteksto, tono at damdamin | 3.37 | Natatalakay |
| 8. Nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap | 3.28 | Natatalakay |
| 9. Nagagamit ang salitang maylapi at bahagi ng pananalita sa pagpapahayag | 3.46 | Natatalakay |
| 10. Nagagamit ang pangkalahatang pangkayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso | 3.13 | Natatalakay |
| 11. Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag- | 3.30 | |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig / mambabasa, at teksto | | Natatalakay |
| 12. Nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di berbal na hudyat sa pagpapahayag. | 3.30 | Natatalakay |
| 13. Nagagamit ang angkop na wika sa pagpapahayag na isinasaalang-alang ang edad, kasarian, paksa, at kultura tuwing may salo-salo | 3.41 | Natatalakay |
| 14. Natutukoy ang mga elementong biswal at nabibigyang kahulugan | 3.43 | Natatalakay |
| 15. Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian | 3.46 | Natatalakay |
| **Kabuoang Mean** | **3.39** | **Natatalakay** |

Makikita sa kinalabasan ng pag-aaral sa unang bahagi ang pagtukoy ng mga kasanayang pampagkatuto sa Filipino na nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula at anekdota) na mkay weighted mean na 3.65 at naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan na may weighted mean na 3.50 na may magkaparehong interpretasyong berbal na lubos na natatalakay.

Samantala ang nagagamit ang pangkalahatang pangkayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso na may weighted mean na 3.13, nakabubuo ng pahayag gamit ang hugnayang pangungusap na may weighted mean na 3.28, at Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig / mambabasa, at teksto, at nagagamit ang angkop na mga nakagawiang di berbal na hudyat sa pagpapahayag na may parehong weighted na 3.30 at may interpretasyong berbal na natatalakay.

## II. Estratehiyang Ginagamit sa Pagtuturo

| Mga Estratehiya sa Pagtuturo | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1. Nakapagsasagawa ng roundtable discussion. | 2.83 | Bahagyang Naisasagawa |
| 2. Nagagamit ang panel discussion sa pagtuturo. | 2.93 | Bahagyang Naisasagawa |
| 3. Nailalapat ang paggamit ng brainstorming sa klase. | 3.39 | Naisasagawa |
| 4. Naisasakatuparan ang role playing sa klaseng | 3.33 | Naisasagawa |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| pangklasrum. | | |
| 5. Naisasabuhay sa klase ang paggamit ng sociodrama. | 2.89 | Bahagyang Naisasagawa |
| 6. Nabibigyang-pansin ang pagsasagawa ng picture power. | 3.17 | Naisasagawa |
| 7. Napag-uukulan ng panahon ang pagsasakatuparan ng think -pair and share. | 3.26 | Naisasagawa |
| 8. Nakabubuo ng concept mapping bilang bahagi ng pagkatuto. | 3.28 | Naisasagawa |
| 9. Naipamamalas ang makabuluhang paggamit TV commercial. | 3.22 | Naisasagawa |
| 10. Nagiging daan sa pagkatuto ang konsepto ng pagbabalitaan sa pag-alam at pagbuo ng mga ideya . | 3.41 | Naisasagawa |
| **Kabuoang Mean** | **3.17** | **Naisasagawa** |

Mula sa estratehiyang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo, nagiging daan sa pagkatuto ang konsepto ng pagbabalitaan sa pag-alam at pagbuo ng mga ideya na may weighted na 3.41, nailalapat ang paggamit ng brainstorming sa klase na may weighted mean na 3.39, at naisasakatuparan ang role playing sa klaseng pangklasrum na may weighted mean na 3.33 at may pare-parehong interpretasyong berbal na naisasagawa.

Nasa mababang ranggo naman ang mga nagagamit ang panel discussion na may weighted mean na 2.93 at nakapagsasagawa ng roundtable discussion na may weighted mean na 2.83 at may parehong interpretasyong berbal na bahagyang naisasagawa.

### III. Mga Suliraning Nararanasan sa Pagtuturo

| Mga Suliraning Nararanasan | Weighted Mean | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| 1.Kakulangan sa oras o panahong itinakda para sa klase | 2.63 | Nararanasan |
| 2. Kapaligiran ng paaralan ay suliranin sa pagtuturo | 1.96 | Bahagyang Nararanasan |
| 3. Kakulangan ng kaalaman sa makabagong paraan ng guro | 1.96 | Bahagyang Nararanasan |
| 4. Kakulangan sa mga kagamitang panturo | 2.02 | Bahagyang Nararanasan |
| 5. Kawalan ng interes ng mga mag-aaral | 2.26 | Bahagyang Nararanasan |
| 6. Kahinaan sa bokabularyo ng mga mag-aaral | 2.67 | Bahgyang Nararanasan |
| 7. Pag-iral ng mga salitang impormal na antas ng wika | 2.52 | Bahagyang Nararanasan |

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

| | | |
|---|---|---|
| 8. Mahinang kakayahan ng mga mag-aaral sa paglinang ng mga kaalaman | 2.43 | Bahagyang Nararanasan |
| 9. Kolonyal na mentalidad ng mga mag-aaral | 2.30 | Bahagyang Nararanasan |
| 10. Kakulangan sa paggamit ng guro sa teknik / estratehiya sa pagtuturo | 1.96 | Bahagyang Nararanasan |
| **Kabuoang Mean** | **2.29** | **Bahagyang Nararanasan** |

Sa hanay ng mga naging suliranin, ang kakulangan sa oras o panahong itinakda para sa klase ay suliraning nararanasan na may weighted mean na 2.63 at may interpretasyong berbal na nararanasan.

Kakulangan sa paggamit ng guro sa teknik / estratehiya sa pagtuturo na may weighted na, kakulangan ng kaalaman sa makabagong paraan ng guro, at kapaligiran ng paaralan ay suliranin sa pagtuturo na may pare-parehong weighted na 1.96 at may interpretasyong berbal na bahagyang suliraning nararanasan.

Pinatutunayan sa isinagawang pag-aaral ni Falsado, et. al. (2004), na ang mga suliraning nararanasan ng guro ay ang kaulanagan sa badyet na may mabigat na suliranin, kakulanagan ng karanasan sa larang ng paggawa ng kagamitang panturo, at kawalan ng malawak na impormasyon sa ituturo.

## 4 . Kongklusyon

Batay sa naging kinalabasan ng pag-aaral, nabuo ang mga kongklusyon.

1. Nauunawaan ang tekstong naratibo (alamat, pabula, parabula at anekdota) at naiuugnay ang kaisipan ng akda sa sariling karanasan .
2. Nagiging daan sa pagkatuto ang konsepto ng pagbabalitaan sa pag-alam at pagbuo ng mga ideya .
3. Kakulangan sa oras o panahong itinakda para sa klase.

## 5. Rekomendasyon

Batay sa naging kongklusyon, nabuo ang mga rekomendasyon.

1. Magkaroon ng balidasyon ng nabuong mapamaraang kagamitang pang interbensiyon.
2. Maaaring ipagamit ang nabuong awtput sa mga mag-aaral.
3. Magsagawa ng katulad na pag-aaral.

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**Sanggunian**

### A. Mga Aklat

Ariola, M. M. (2019). Principles and Methods of Research (2nd ed.). Rex Book Store.

Corpuz, B. B., & Salandanan, G. G. (2015). Principles of Teaching 1 (2nd ed.). Lorimar Publishing, Inc.

Department of Education. (2016). K to 12 Curriculum Guide: Filipino (Grades 1 to 10).

### B. Tesis at Disertasyon

Acuna, Alyssa A. et. al., 2015. Ang Pagtuturo ng Filipino sa K -12 Kurikulum. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batangas.

Bautista, Demetrio B. 2004. Ang Pagtuturo ng Filipino sa mga Ekstensyon Kampus ng Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batanngas

Castro, Mariel R. 2024. Pagtatasa ng Pagpapahayag sa Filipino: Batayan sa Pagbuo ng Suplemental na Kagamitan. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batangas.

Contreras, Joyce Elaine I. et. al., 2007. Ang Pagtuturo ng Filipino sa Ilang Piling Paaralang Elementarya sa Distrito ng Lobo. Pambansang Pamanatasan ng Batangas, Lunsod ng Batangas.

De Guzman, Hazel Ann D. 2023. Pagtuturo ng Filipino sa mga Pampublikong Paaralanng Integrado Tungo sa Pagbuo ng Kagamitang Panturong Lokal. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batangas.

De Leon, Nemia C. et.al., 2004. Ang Pagtuturo ng Filipino sa Makabagong Kurikulum sa Publiko at Pribadong Paaralang Sekondarya sa Lunsod Batangas. Pambansang Pamantasan ng Batangas, Lunsod Batangas.

Ariola, M. M. (2019). Principles and Methods of Research (2nd ed.). Rex Book Store.

Corpuz, B. B., & Salandanan, G. G. (2015). Principles of Teaching 1 (2nd ed.). Lorimar Publishing, Inc.

Department of Education. (2016). K to 12 Curriculum Guide: Filipino (Grades 1 to 10).

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 9 (2026)

**C. Elektronikong Sanggunian**

(https://www.scribd.com/document/469582700/Mga-estratihiya-sa-pagtuturo-ng-filipino)

(https://ph.search.yahoo.com/search?fr=mcafee&type=E210PH91215G0&p)

(https://pdfcoffee.com/kabanata-1-panimulang-kaalaman-sa-kagamitang-panturo-pdf-free.html)

(https://brainly.ph/question/21168426)

(https://www.scribd.com/document/520531258/pagtuturo-sa-Filipino)

(https://www.scribd.com/document/374148057/Mga-Suliranin-Ng-Mga-Guro-Sa-Pagtuturo-Ng-Filipino)